# DATA ALERT

Oktubre 2025

# Tuloy ang karahasan: Tumitinding panunupil sa mga kababaihang magsasaka sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr.

Sa paggunita ng Buwan ng mga Magsasaka o Peasant Month nitong nagdaang Oktubre, nagpapatuloy ang paglabag ng estado sa karapatang pantao ng mga kababaihan sa kanayunan. Sa kabila ng kawalan ng tunay na reporma sa lupa, suporta sa agrikultura, at hindi pagkilala sa kanilang ambag sa produksyon ng pagkain, ang mga kababaihan sa kanayunan at mga peasant women human rights defenders o PWHRDs ay patuloy na nakararanas ng paniniktik, arbitraryong pag-aresto, red-tagging (o pagbansag bilang komunista o terorista) at iba pang porma ng panunupil at karahasan.

Pangunahing instrumento sa mga atakeng ito ang laganap at arbitraryong paggamit ng mga batas kontra-terorismo tulad ng Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) at Anti-Terrorism Financing Act of 2012 (ATFA) upang gawing kriminal at patahimikin ang sinumang nagsusulong ng kanilang mga karapatan at panawagan, kabilang na ang mga kababaihang magsasaka at tagapagtanggol ng kanilang mga karapatan. Patuloy ding ginagamit ang Executive Order No. 70 at ang operasyon ng National Task Force to End Local Communist Conflict (NTF-ELCAC) upang supilin o pigilan ang mga gawain at pwersa ng mga progresibong organisasyon sa kanayunan. Gayundin ang pag-isyu kamakailan lamang Memorandum Circular (MC) 83 na naglalaman ng National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) 2025-2028.

Ayon sa KARAPATAN, isang human rights organization, umabot na sa 737 ang kabuuang bilang ng mga bilanggong pulitikal noong Hunyo 2025 kung saan 146 ang kababaihan. Sa bilang na ito, 164 ay inaresto sa ilalim ng administrasyong Ferdinand Marcos Jr.[1] Kabilang dito ang mga kababaihang lider sa mga organisasyong nagsusulong ng karapatan sa lupa, kabuhayan, at karapatan ng kababaihan.

**Ilang mga kaso ng karahasan laban sa mga kababaihan sa kanayunan sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr.**

| Pangalan at organisasyon | Lugar at petsa | Kaso | Detalye |
|---|---|---|---|
| **Lucia Capaducio,** Vice Chairperson ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) National at Chairperson ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (Pamanggas) | Setyembre 15, 2025 | Terror-tagging, harassment | Noong Setyembre 15, sa isang panayam sa GMA Super Radyo Iloilo, binansagang "rebel at large" ni Col. Erwin Lamzon ng 3rd Infantry Division ng Philippine Army si Lucia Capaducio, lider-magsasaka ng KMP at Pamanggas.<br><br>Pinakabago ang insidenteng ito sa mga serye ng harassment at red-tagging kay Capaducio simula pa noong 2022. |

[1] KARAPATAN (2025, July 24). Heightened attacks against human rights defenders and communities through illegal or arbitrary arrests, judicial harassment through trumped up criminal cases [Attached image] [Status update]. Facebook.

| Pangalan at organisasyon | Lugar at petsa | Kaso | Detalye |
|---|---|---|---|
| **Faye Margarette Tallow,** organisador ng mga magsasaka | Barangay Malibago, Camarines Norte, Setyembre 4, 2025 | Ilegal na pag-aresto kaugnay ng gawa-gawang kasong attempted homicide | Ilegal na inaresto nang walang warrant of arrest at walang pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan ng Camarines Norte. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa natutunton ang kanyang kinaroroonan. |
| **Emilia Ventula,** lider kababaihan ng Amihan Cagayan | Cagayan, Setyembre 2025 | Serye ng surveillance, harassment, at intimidasyon | Sunud-sunod na harassment at intimidasyon ang naranasan ni Emilia Ventula noong Setyembre. Pinuntahan siya sa kanyang bahay ng intelligence agent na si Jeric Santos, dinala sa barangay, at binantaan na kakasuhan ng terrorism financing kung ipagpapatuloy nito ang pagiging lider ng organisasyon at pakikipag-ugnayan kay Jackie Ratin, tagapangulo ng Amihan Cagayan. |
| **Miriam Villanueva,** Secretary-General ng Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan sa Lupang Ramos (KASAMA-LR) at Gabriela Women's Party 5th nominee, at **Anna Padilla,** matandang lider at kasapi ng KASAMA-LR | Lupang Ramos, Dasmariñas City, Cavite. Agosto 11, 2025 | Grave Coercion, Grave Threats, at Other Light Threats | Kilala bilang "Lupang Ramos 3 (LR3)" kasama si Jojo Mercado ng Anakbayan Lupang Ramos, sinampahan ang tatlo ng mga kaso matapos kausapin ang mga sundalo ng 202nd Infantry Brigade nang magpasimula ang mga ito ng tensyon. Ito ay matapos tanggihan ng mga residente na pagbilhan sa kanilang tindahan ang mga militar dahil sa iligal nitong presensya sa kanilang komunidad simula pa Setyembre 2024. Ilang araw matapos insidente, ipina-blotter sila ng militar sa barangay.Noong Oktubre 17 natanggap ng LR3 ang resolusyon mula sa Office of the Prosecutor na nagsasabing sila'y pormal na sinampahan ng mga kaso. Nakapagpiyansa na ang mga ito. |
| **Jackie Ratin,** Amihan Cagayan Chairperson at Gabriela Women's Party 9th nominee | Gabut, Amulong, Cagayan, Hulyo 28, 2025 | Serye ng surveillance, harassment, at intimidasyon ng 17th Infantry Battalion (IB) | Noong Hulyo 28, nagsagawa ng profiling ang isang sundalo ng 17th IB kay Jackie Ratin matapos siyang tumulong sa relief operations sa probinsya. Simula pa 2018 ay biktima na siya ng tuluy-tuloy na panggigipit ng estado. |

# DATA ALERT

**Oktubre 2025**

| Pangalan at organisasyon | Lugar at petsa | Kaso | Detalye |
|---|---|---|---|
| **Amihan National Federation of Peasant Women** | August 6, 2025 | Pag-freeze sa bank accounts kaugnay ng paglabag umano sa Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 | Naglabas ang Manila RTC Branch 18 ng desisyon kaugnay ng pag-freeze sa bank accounts ng Amihan na iniutos ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) noon pang Mayo 2021. Sa nasabing desisyon, ipinag-uutos ng korte ang pagkumpiska sa dalawang BPI peso at dollar accounts ng organisasyon dahil umano sa pag-suporta at pagpondo nito sa New People's Army (NPA) batay lamang sa testimonya ng dalawang hindi pa nakikilalang indibidwal. |
| **Myrna Cruz-Abraham,** Sandiwa | San Rafael, Bulacan, Enero 27, 2025 | Frustrated murder | Muling inaresto kaugnay ng umano'y pagkakadawit sa isang ambush noong 2007 sa Cagayan. Napawalang-sala noong Agosto 2025. Ikalawang beses na itong pagkakakulong mula 2010 dahil sa gawa-gawang mga kaso. |
| **Agnes Mesina,** Makabayan-Cagayan Valley Regional Coordinator | Cagayan Valley, Enero 2025 | Paglabag umano sa Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 | Isa sa mga aktibistang sinampahan ng gawa-gawang kaso sa ilalim ng naturang batas bilang bahagi ng red-tagging campaign sa rehiyon. |
| **Cita Managuelod,** KMP Isabela Coordinator | Cagayan Valley, Enero 2025 | Paglabag umano sa Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 | Katulad ni Agnes Mesina, sinampahan din si Managuelod ng kasong terrorism financing dahil sa pagiging aktibo sa mga kampanya ng mga magsasaka. |
| **Emelda Fausto,** miyembro ng Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAFA) | Himamaylan, Negros Occidental, Hunyo 14, 2023 | Extrajudicial killing | Kasama ang kanyang asawang si Roly Fausto, dalawang anak na sina Ben Fausto, at Ravin Fausto na kapwa menor de edad, pinagbabaril at minasaker ng militar ang mag-anak sa kanilang tahanan sa Negros Occidental. Miyembro ang mag-asawa ng BABICAFA. Ilang buwan bago ang insidente, ni-red-tag at paulit-ulit na hinarass ng mga sundalo ang mga nakatatandang Fausto. |

# DATA ALERT

Oktubre 2025

| Pangalan at organisasyon | Lugar at petsa | Kaso | Detalye |
|---|---|---|---|
| **Christelle Abordo,** dating staff ng Central Visayas Farmers' Development Center (FARDEC) | Calatrava, Negros Occidental, Hulyo 30, 2020 | Illegal possession of firearms and explosives; rebellion | Isang peasant advocate at community health worker, inaresto sa gawa-gawang kaso noong 2020. Bagaman napawalang-sala noong Mayo 2025, nananatili pa ring nakakulong dahil sa isa pang gawa-gawang kasong rebelyon. |
| **Amanda Echanis,** peasant organizer mula sa Amihan | Cagayan, Disyembre 2020 | Illegal possession of firearms and explosives | Isang organisador ng Amihan Cagayan at anak ng pinaslang na peasant leader na si Randall Echanis; dinakip sa gawa-gawang kaso at nananatiling nakapiit sa Cagayan Provincial Jail. |

**Source:** CWR Monitoring, 2025

**Iisang padron ng panunupil**

Ipinapakita ng mga datos ang iisang padron ng sistematikong panunupil at atake sa mga kababaihang lider sa kanayunan. Ayon sa mga progresibong organisasyon tulad ng KARAPATAN, Amihan National Federation of Peasant Women, at GABRIELA, dumarami ang mga kaso ng red-tagging, surveillance, at harassment laban sa mga kababaihang nagtataguyod ng tunay na reporma sa lupa bunsod ng patuloy na pagpapatupad ng mga mapanupil na batas sa pangunguna ng operasyon ng NTF-ELCAC. Sa halip na pakinggan, sila ay pinatatahimik sa pamamagitan ng pananakot, detensyon, pagbibintang sa kanila bilang "kalaban ng estado," at pamamaslang.

**Patuloy na panawagan para sa hustisya**

Sa harap ng nagpapatuloy na panunupil, patuloy ang paglaban ng kababaihan kasama ang mamamayan para sa kanilang karapatan sa lupa, kabuhayan, panlipunang serbisyo, at kalayaan sa pag-oorganisa. Patuloy ang paglulunsad ng mga kababaihang magsasaka ng mga mobilisasyon at protesta sa mga komunidad, pangunguna sa mga fact finding mission, pagsasagawa ng mga bungkalan, at iba pang mga malikhaing paraan ng paglaban.

Puspusan din ang panawagan ng mga kababaihang magsasaka at PWHRDs para sa suporta sa lokal na agrikultura, tunay na reporma sa lupa at hustisyang panlipunan. Gayundin, patuloy ang panawagan para sa masusing imbestigasyon sa mga kaso ng red-tagging at iba pang paglabag sa karapatang pantao, pagbasura sa Anti-Terrorism Act of 2020 at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 at iba pang mapanupil na batas, at proteksyon sa tagapagtanggol ng kanilang mga karapatan.

Ang naging paggunita sa Rural Women's Day nitong Oktubre 2025 ay isang mahalagang pagkakataon upang mapalakas ang panawagan ng pagkakaisa at suporta para sa kababaihang nasa kanayunan—sapagkat ang kanilang laban ay laban din ng sambayanan. Sa panahong patuloy na lumalaganap ang karahasan at panunupil sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr., higit kailanman ay kailangan nating manindigan para sa karapatang pantao, kapayapaan, at katarungan.